10 bagay na dapat mong malaman tungkol sa COVID-19 at sa mga Taong may Kapansanan

Disability Inclusion Technical Working Group ng Save the Children, Marso 18

Inilahad ng mga taong may kapansanan sa iba't ibang bansa at sa buong mundo na hindi ibinabahagi sa mga anyong naaangkop sa kanila ang impormasyong mula sa pamahalaan. Wala rin umanong ginagawang hakbang para punan ang mga serbisyo at suportang inaasahan ng mga taong may kapansanan sa panahong ito. Nagbigay ng pahayag ang Espesyal na Tagaulat ng UN (UN Special Rapporteur) sa Mga Karapatan ng Mga Taong may Kapansanan na maaaring basahin dito.

1. **Kasali dapat ang lahat sa pagtugon at paghahanda para sa oras ng emergency**
   Mahalagang siguraduhing kasali ang lahat sa mga programa o polisiya para mapigilan ang pagkalat ng virus at mapangasiwaan ang mga kaso. Kasama sa ingklusibong pagpaplano ang **pagbibigay ng kaalaman** tungkol sa sitwasyon ng batang may kapansanan at COVID-19. Kasama rin dito ang **pagsisigurong mabibigyan sila ng angkop na impormasyon at gawain. Ang ilan sa mga hakbang kaugnay ng COVID-19 ay kailangang nakatuon sa mga taong may kapansanan**, gaya ng mga ayuda at iba pang tulong. Mahahanap mo rito ang mga alituntunin ng IASC kaugnay ng pagsasali ng mga taong may kapansanan sa mga gawaing pangkawanggawa.

2. **Kasama dapat ang mga taong may kapansanan at ang mga organisasyong kumakatawan sa kanila sa lahat ng yugto ng pagtugon sa COVID-19**
   Ang mga taong may kapansanan ang mga tunay na eksperto sa kung paano maaaring makilahok ang mga grupong may iba't ibang kapansanan sa lahat ng pagtugon, paghahanda, at paghahatid ng impormasyon at serbisyo kaugnay ng epidemya. Sabi nga, 'Nothing About Us, Without Us' o 'Walang Tungkol sa Amin Kapag Wala Kami.' Ibig sabihin, kailangang kasama ang mga taong may kapansanan sa lahat ng gawaing magtataguyod ng mga karapatan nila. Totoo ito lalo na sa panahon ng krisis kung saan nagkukulang ang mga programa para protektahan ang mga maliliit at kinokondenang grupo. Mayroon ditong listahan ng mga kinatawang organisasyon sa karamihan ng mga bansa kung saan tayo kumikilos.

3. **Kabilang ang mga taong may kapansanan sa mga grupong nasa panganib**
   Ang mga batang may kapansanan ay itinuturing na kasama sa mga grupong madaling tamaan ng COVID-19 hindi dahil sa kanilang kapansanan, kung hindi dahil may malaking posibilidad na ang ilan sa kanila ay may iba pang sakit na nakaaapekto ng kanilang kalusugan. Laganap ang impormasyon tungkol sa Coronavirus ngunit kaunti lamang ang impormasyon tungkol sa dapat gawin kung kabilang ka sa isang grupong mas madaling tamaan ng sakit, kaya napakaraming nag-aalalang taong may kapansanan.

4. **Hindi tamang sabihin sa lahat na "Huwag kang mag-alala, mapanganib lang iyon para sa matatanda at mga taong may matagal nang karamdaman o hindi gumagaling na karamdaman"**
   Ang ganitong uri ng pahayag ay hindi nagsasaalang-alang sa mga karapatang pantao. Bilang isang organisasyon, hindi lang karapatang pambata ang sinusuportahan ng Save the Children, kundi maging ang mga karapatan ng lahat ng tao, kasama ang karapatan ng mga taong may kapansanan. Ang mga ganitong pahayag ay nagsasawalang bahala rin sa mga pagsisikap na maiwasan ang vius. Hindi dapat makarating sa mga batang may malubha at komplikadong kapansanan ang mga pahayag na nagbabansag sa kanila bilang 'sakitin' o 'mas mahinang' miyembro ng lipunan dahil mayroon itong negatibong epekto sa kumpiyansa at pagpapahalaga nila sa sarili.

5. **Ang mga impormasyon tungkol sa COVID-19 at mga mensaheng kaugnay nito ay dapat na ipinararating sa paraang mauunawaan ng lahat, kasama ang mga batang may kapansanan**
   Dahil iba-iba ang paraan ng pagpapahayag at pag-intindi sa impormasyon, napakahalagang ibigay ang anumang impormasyon sa iba't ibang anyo na mauunawan ng lahat. Kung hindi, maaaring magkaroon ng

mga problema dahil sa maling pagkaunawa. Bukod sa dapat ay maiintindihan ng bata ang impormasyon, kailangan din itong samahan ng impormasyong naririnig, madaling mababasa, may mga larawan at samahan ng sign language. Kailangang may mga hotline sa pamamagitan ng text o email para sa mga taong hirap makarinig.

6. Maaaring maging mahirap ang pagkaudlot ng mga karaniwang gawain para sa mga batang nasa Autism Spectrum o iba pang sanay sa pang araw-araw nilang gawain.

Dahil sa pagbabago sa mga karaniwang gawain sa araw-araw tulad ng hindi pagpasok sa paaralan, hindi paglabas para maglakad-lakad o kawalan ng kakayahang makuha ang karaniwang pagkain, maaaring makaranas ng matinding stress ang mga pamilya ng mga batang may kapansanan at maaaring kailanganin nila ng karagdagang suporta. Maraming bata o magulang ang sanay sa mga partikular na kalakaran na kapag nabago ay maaaring maging sanhi ng mga problema sa tahanan at maging dahilan para makaranas ng paghihirap o pang-aabuso ang mga batang may kapansanan at kanilang mga kapatid.

7. Maaaring maging mas mahirap na makuha ang kailangang gamot

Maraming batang may kapansanan ang nangangailangan ng mga regular na reseta at gamot para manatiling malusog. Dahil sa pagkaudlot sa mga sistemang pangkalusugan at nabawasang kakayahan ng mga ospital na makapagkaloob ng karaniwang pangangalaga, maaaring hindi makuha ng mga batang may kapansanan ang mahahalagang gamot na kailangan para manatili silang malusog. Ganito ang nangyayari kapag ang serbisyong pangkalusugan ay may maliit na pagtingin sa mga taong may kapansanan. Dala ito mga maling paniniwala o kakulangan ng kaalaman.

8. Maaaring hindi makasunod ang mga taong may kapansanan sa mga rekomendasyon para protektahan ang sarili

Maraming taong may kapansanan ang umaasa sa tulong at suporta ng ibang tao para sa mga gawain sa araw-araw. Kasama na rito ang paghuhugas ng kamay, pagkain, pagbibihis, paghawak ng pantakip kapag bumabahing, pagtapon ng tisyu, paglalaba ng damit, atbp. Dahil dito, mahihirapan ang mga tao at batang may kapansanan para mag physical distancing. Isa pang hamon ang pag-iimbak ng pagkain o pag-uuwi ng mga pinamiling pagkain. Mahirap ito lalo na mga batang may kapansanan, ngunit maaari ding tamaan ang anak ng mga magulang na may kapansanan.

9. Dahil sa paglaganap ng Coronavirus, nagiging mas bulnerable ang mga batang may kapansanan

Napakahalaga ng personal na tulong at suporta ng iba upang makapagsarili ang taong may kapansanan. Dahil sa ipinapatupad na quarantine at physical distancing, maaaring humina ang network na nagbibigay ng tulong at suporta sa mga taong may kapansanan upang makapagsarili sila sa bahay. Mas magiging mahirap ang kanilang sitwasyon kung dadapuan ng sakit ang mahahalagang miyembro ng pamilya. Nabalitaan nating lahat ang nangyari sa 16 na taong gulang na lalaki sa China na may Cerebral Palsy na namatay dahil napabayaan siya noong biglaang isinailalim sa quarantine ang kanyang ama nang hindi nakapaghahanda para sa pangangalagang kinakailangan ng kanyang anak. Maaaring ganap na mawalan ng proteksyon laban sa anumang uri ng pang-aabuso ang mga taong may kapansanan, lalo na ang mga bata, kapag naputol ang kanilang ugnayan sa kanilang mga mahal sa buhay at isa iba pang taong sumusuporta sa kanila.

10. Maaaring makaranas ng pang-aabuso ang mga tao at batang may kapansanan dahil sa pagsasara ng mga paaralan, boarding school at daycare center

Sakaling magsara ang mga daycare centers o magkansela ang mga ito ng mga serbisyo, kailangang gumawa ng mga hakbang para mapahusay ang pangangalaga at mga aktibidad sa tahanan. Dahil maaaring mangailangan ng karagdagang pangangalaga ang mga batang may kapansanan kumpara sa ibang bata, maaaring mahirapan ang mga pamilyang hindi sanay na nasa bahay buong araw ang bata, at maaari itong maging sanhi ng pang-aabuso, pagpapabaya at karahasan. Maaaring lalong makasama sa kondisyon ng pag-iisip ng bata ang mga biglaan at hindi inaasahang pagbabago sa mga magulang o pangunahing tagapag-alaga at sistemang nagsisiguro sa kanyang kaligtasan.